Alberta

Palabas na **balita**

# Handa na ang diskuwentong (rebate) programa ng natural na gas upang protektahan ang mga Albertan

Setyembre 26, 2022 Mga katanungan sa media

## Simula Oktubre 1, ang programa ng diskuwento ng natural na gas ng Alberta (natural gas rebate program ng Alberta) ay magbibigay ng proteksyon sa presyo mula sa mga pagtaas ng mga gastos sa natural na gas para sa milyon-milyong mga Albertan ngayong taglamig.

Ang mga bansa sa buong mundo ay nahaharap sa matinding pagtaas sa mga presyo ng enerhiya sa mga nakalipas na buwan dahil sa pagsalakay ng Russia sa Ukraine, mga kakulangan sa pandaigdigang panustos at iba pang mga kadahilanan. Ang programa ng diskuwento ng natural na gas ng Alberta (natural gas rebate program ng Alberta) ay nagbibigay ng katiyakan sa gastos at proteksyon sa mahigit sa 1.6 milyong mga pamilya, mga sakahan at mga negosyo sa buong lalawigan.

Kasama ang $50 buwanang rebate sa kuryente at paghinto ng buwis sa gasolina, makakatulong ang rebate ng natural na gas ng Alberta na labanan ang tumataas na halaga ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng proteksyon mula sa mataas na presyo ng enerhiya.

“Ang programa ng rebate na ito ay nagbibigay ng tunay na proteksyon at katiyakan upang matulungan ang mga pamilya, mga bukid at mga negosyo na pamahalaan ang mga gastos sa pagpapainit at panatilihing abot-kaya ang pamumuhay. Sa pagtaas ng halaga ng pamumuhay sa buong mundo, mapagkakatiwalaan ng mga Albertan na, kung tataas pa ang natural na mga presyo, mayroon kaming mga

rebate na handang tumulong na protektahan ang mga ito. Pinoprotektahan namin ang mga Albertan, kabilang ang mga nasa kontrata ng mapagkumpitensyang antas, mula sa posibilidad ng hindi pangkaraniwang pagtaas ng presyo sa kanilang mga bayarin sa pagpapainit sa taglamig."

*Dale Nally, Kasamang Ministro ng Natural na Gas at Elektrisidad*

## Paano gumagana ang rebate (diskuwento)

Ang programa ng rebate (diskuwento) ng natural na gas ay tumatakbo mula Oktubre 1 hanggang Marso 31. Ang eksaktong halaga ng rebate na tatanggapin ng mga Albertan ay nakasalalay sa default na natural na antas ng gas bawat buwan.

Kung ang buwanang default na natural na antas ng gas mula sa alinman sa mga pinamamahalaang tagapagbigay ng palingkuran-bayan (ATCO Gas North at ATCO Gas South, tulad ng pinaglingkuran ng Direct Energy Regulated Services, o Apex Utility) ay mas tumaas sa $6.50 bawat gigajoule, ang pamahalaan ay magbibigay ng mga rebate sa lahat ng karapat-dapat na mamimili sa buwang iyon na sumasaklaw sa pagkakaiba sa pagitan ng $6.50 at ang pinakamataas na pinamahalaang antas.

Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, anumang oras na ang buwanang default na antas ay lumampas sa $6.50 bawat gigajoule, ang isang rebate ay ibibigay sa lahat ng mga karapat-dapat na mga Albertan upang tumulong na mabayaran ang mga tumaas na gastos ng natural na gas o iba pang nakabatay sa petrolyo na mga pagpapainit na gas na kanilang kinokonsumo sa buwang iyon. Halimbawa, kung ang pinakamataas na pinamahalaang antas ay $7.50, ang mga karapat-dapat na mamimili ay makakakuha ng rebate na $1 para sa bawat gigajoule na ginamit sa buwang iyon.

Dahil ang pinakamataas na buwanang default na antas ng natural na gas sa Oktubre ay magiging $5.632 kada gigajoule, ang rebate ay hindi magsisimula ngayong buwan ngunit ang programa ng rebate ay handa at nasa lugar upang suportahan ang mga pamilya at mga negosyo kung sakaling tumaas ang presyo ng natural na gas ngayong taglamig.

Ang buwanang default na antas ng natural na gas ay ipapaskil sa alberta.ca humigit-kumulang limang araw ng negosyo bago ang simula ng bawat buwan, na

nagpapaalam sa mga Albertan kung ang rebate ay magsisimula at kung magkano ang kanilang matatanggap bawat gigajoule sa buwang iyon.

## Ang mga mamimili ng natural na gas ay konektado sa sistema

Awtomatiko mong matatanggap ang rebate sa iyong utility bill para sa buwan na magsimula ang rebate kung ikaw ay isang mamimili ng natural na gas na:

- konektado sa sistema
- nasa isang pinamamahalaan o mapagkumpitensyang plano
- gumagamit ng mas mababa sa 2,500 gigajoules ng natural na gas taun-taon

Nalalapat ito sa mga mamimili sa parehong pinamahalaan at mapagkumpitensiyang mga plano tulad ng pirmihang antas na mga kontrata. Walang aplikasyon na kinakailangan kung ikaw ay konektado sa sistema ng pamamahagi ng natural na gas.

## Kwalipikado rin ang iba pang mga pagpapainit na gas

Ang isang maliit na bilang ng mga karapat-dapat na Albertan ay hindi konektado sa sistema ng pamamahagi ng natural na gas at gumagamit ng natural na gas, propane, kerosene o pampainit na langis para sa mga layunin ng pagpapainit. Ang mga mamimiling ito ay madalas ding bumili ng mga panggatong para sa pagpapainit sa taglamig nang maramihan sa mga buwan ng tag-araw, at ang rebate ay sumasalamin sa kalakarang ito.

Maaari kang mag-aplay para sa mga rebate batay sa biniling gasolina sa mga buwan kung kailan ang rebate ay may bisa hanggang sa mga sumusunod na pinakamataas na limitasyon:

- propane: 16,334 mga litro bawat buwan
- pagpapainit na langis: 10,780 mga litro bawat buwan
- kerosene: 11,068 mga litro bawat buwan

- natural na gas: 417 gigajoules bawat buwan

Kung gagamitin mo ang mga pagpapainit na panggatong na ito, makakapag-aplay ka nang direkta sa online para sa rebate sa alberta.ca pagkatapos ilunsad ang programa sa Oktubre. Magagamit din ang mga opsyon sa pagkoreo at telepono.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Sa Alberta, ang mga default na pinamahalaang antas ay itinakda para sa buong buwan at hindi nagbabago sa buong buwan. Ang mga antas ay inaprubahan ng Komisyon ng Palingkurang-bayan ng Alberta (Alberta Utilities Commission) at hindi pinagpapasyahan ng pamahalaan.

- Lalabas ang rebate bilang indibidwal na aytem sa linya ng natural na gas na bahagi ng bill sa ilalim ng "GOA Utility Commodity Rebate."

    - Kung ang buwanang default na antas na nakapaskil sa alberta.ca ay higit sa $6.50 bawat gigajoule, matatanggap ng mga karapat-dapat na mamimili ang rebate na na-kredito sa bill para sa paggamit sa buwang iyon.

    - Kung ang buwanang default na antas na nakapaskil sa alberta.ca ay nasa o mas mababa sa $6.50 bawat gigajoule, walang rebate na ibibigay at walang aytem sa linya na lalabas sa bill ng buwang iyon.

- Ilalapat ang mga rebate sa kaukulang buwan ng pagsingil. Halimbawa, kung ang default na antas ay lumampas sa $6.50 bawat gigajoule sa Oktubre, ilalapat ang rebate sa mga singil na sumasaklaw sa panahon ng pagsingil na iyon.

- Ang eksaktong oras para sa pagtanggap ng mga rebate ay mag-iiba ayon sa kustomer depende sa yugto ng pagsingil ng kanilang tagapagbigay ng palingkuran-bayan.

- Kakalkulahin ang rebate para sa mga panggatong na nakabatay sa petrolyo sa kaparehong pamamaraan ng mga mamimili ng natural na gas, gamit ang isang pamantayang ekwasyon upang matukoy ang katumbas ng pagkonsumo para sa alternatibong gasolina.

- Maaaring makipag-ugnayan sa Tagapagtanggol ng Mamimili ng Palingkuran-Bayan (Utility Consumer Advocate) ang mga mamimili na nakakonekta sa sistema ng natural na gas at naniniwalang natutugunan nila ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ngunit hindi nakatanggap ng buwanang rebate sa Tagapagtanggol ng Mamimili ng Palingkuran-Bayan (Utility Consumer Advocate) sa 310- 4822 o UCAhelps@gov.ab.ca para sa tulong.

- Ipapaskil sa online ang impormasyon para sa mga mamimili na hindi konektado sa sistema ng natural na gas o gumagamit ng iba pang karapat-dapat na pagpapainit na panggatong pagkatapos magsimula ang programa.

- Ang Pamahalaan ng Alberta ay hindi magpapadala ng mga text o email tungkol sa programa ng rebate at hindi hihilingin sa mga Albertan na magsumite ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng text o email upang makatanggap ng mga rebate.

## Kaugnay na impormasyon

- Mga programa ng pagiging abot-kaya sa enerhiya

## Mga katanungan sa media

**Margeaux Maron**

780-554-1866
Hepe ng Kawani, Natural na gas at Elektrisidad